

## 1. Mahahalagang Punto ng Sistema ng Pampublikong Pensiyon ng bansang Hapon: Sistema ng Pambansang Pensiyon

- (1) Lahat ng nakatira sa bansang Hapon mula 20 hanggang 59 taong gulang, anuman ang kanilang nasyonalidad, ay dapat na maging sakop ng sistema ng Pambansang Pensiyon at kailangang magbayad ng hulog nang naaayon sa batas.
- (2) Ang mga sistema ng pampublikong pensiyon (kabilang ang sistema ng Pambansang Pensiyon) ay nilikha bilang sistemang susuporta sa lahat ng miyembro ng lipunan ng mga henerasyon pang dadating.
- (3) Bukod sa pensiyon para sa matatanda, ang mga sistema ng pampublikong pensiyon ay magbibigay rin ng pensiyon sa may kapansanan at sa namatayan kapag nagkaroon ng hindi inaasahang mga problemang pinansyal.
- (4) Magbibigay ang gobyerno ng bansang Hapon ng bahagi ng matatanggap na pensiyon.
- (5) Ang buong halaga ng ibinayad sa pampublikong pensiyon ay sasailalim sa pagkakaltas sa buwis bilang "social insurance contribution".

## 2. Mga Buwanang Hulog

Ang halaga ng buwanang hulog ng Pambansang Pensiyon ay ¥17,920, simula Abril ng 2026 hanggang Marso ng 2027. Maari mong bayaran ng pera ang iyong hulog sa mga bangko at iba pang institusyong pinansyal, sa mga koreo at mga convenience store. Maari mo rin itong bayaran gamit ang automatic bank transmission, mga pagbabayad gamit ang Internet o gamit ang credit card.

## 3. Mga Benepisyo mula sa Pambansang Pensiyon

### (1) Pangunahing pensiyon para sa mga matatanda

Ang mga nakapaghulog ng 10 taon sa Pambansang c at natugunan ang iba pang mga kondisyon ay makakatanggap ng pensiyon pagsapit nila ng 65 taong gulang.

### (2) Pangunahing pensiyon para sa mga may kapansanan

Kapag nagkasakit o napinsala ang katawan habang nakasali sa Pambansang Pensiyon, at ang grado ng kapansanan ay 1 o 2, maaring makatanggap ng pensiyon ito.

### (3) Pangunahing pensiyon para sa mga namatayan

Kung ang namatay ay nakasali sa Pambansang Pensiyon, ang sinusuportahang pamilya (asawang may anak o anak niya) ay makakatanggap ng pensiyon ito.

Para sa detalye, sumangguni sa namamahala ng Pambansang Pensiyon sa inyong munisipalidad o sa JPS.

Ang website ng JPS: <https://www.nenkin.go.jp/international/index.html> Japan Pension Service I-click

Para sa mga katanungan tungkol sa pagsali sa pensiyon, tumawag sa

"NENKIN KA-NYUSHA DAYARU" (numero ng pensiyonado) 0570-003-004 (Navi-Dial)

Kung nagsisimula sa 050 ang telepono, tumawag sa (Tokyo) 03-6630-2525 (regular landline)

Oras ng pagtatanggap: Lunes-Biyernes 8:30 a.m. – 7:00 p.m.

Ika-2 Sabado ng buwan 9:30 a.m. – 4:00 p.m.

\*Hindi bukas kapag pistang opisyal (maliban sa ika-2 Sabado), at sa Disyembre 29 – Enero 3

Lahat ng nakatira sa bansang Hapon mula 20 hanggang 59 taong gulang, kasama ang mga dayuhan, ay sasali at magbabayad ng hulog ng pensyon bilang obligasyon na naaayon sa batas. (Kung ikaw ay may tirahan sa bansang Hapon, kahit gaano man kaikli ang nilalagi rito, kasunod ng sistemang ito, ikaw ay sasali at magbabayad ng hulog ng pensyon ayon sa batas.)

Subalit kung ang pagbabayad nito ay mahirap, tulad ng sa mga estudyante, maaring gamitin ang "Sistemang Pagliban ng Hulog sa Pambansang Pensyon ng mga estudyante". Kung ang kinita sa nakaraang taon ay mas mababa sa tinakdang halaga, maaring makatanggap ng pagliban ng paghulog. (Kailangan itong gawin kada-taon.) Sa pag-aplay nito, hindi lang mapapanitili ang iyong karapatang makakuha ng pensyon sa hinaharap, ngunit sa pangyayaring hindi inaasahan tulad ng aksidente, maari ka rin makakuha ng pensyon para sa mga may kapansanan.

### (Mga maaring mag-aplay)

Mga estudyante ng pamantasan/unibersidad (o postgraduate), high school, kolehiyo na bokasyonal, teknikal, at iba pa(\*), at sa mga kumita ng mababa sa tinakdang halaga sa nakaraang taon, o dahil sa pagkawala ng trabaho.

\* Paaralang may kursong pang 1 taon o higit pa, na tinakda ng School Education Act (Bukod dito, may mga dayuhang paaralan din na may sangay sa bansang Hapon na kasama. Kumunsulta sa tanggapan ng pensyon sa inyong munisipalidad.)

## MGA DAPAT TANDAAN SA PAG-APLAY

### • Taon ng aplikasyon

- Ang naangkop na isang taon para sa agliban pang-estudyante ay mula sa Abril hanggang Marso ng kasunod na taon.
- Kung nais ng tuluyang pagliban sa hulog sa susunod pang mga taon, kailangang mag-aplay kada Abril.

### • Pag-aaplay para sa nakaraan at kasalukuyang taon

- Para sa mga nakaraang taon……Hanggang sa nakaraang 2 taon at 1 buwan mula sa buwan ng pagtanggap ng aplikasyon (maliban sa mga buwan na nahulugan na ng prima).
- Para sa kasalukuyang taon ……Hanggang sa Marso ng susunod na taon (ang mga natanggap sa pagitan ng Enero – Marso ng taon ay para sa Marso ng susunod na taon).  
Ngunit dahil sa isang application form, ang maari lamang i-aplay ay Abril hanggang Marso ng sunod na taon, magpasa ng sapat na form ayon sa pangagailangan.

\*Kahit na maaring magpasa para sa nakaraang 2 taon at 1 buwan, kung mahuli ng pagpasa, may posibilidad na hindi makatanggap ng pensyon para sa kapansanan atbp. kaya't magpasa sa lalong madaling panahon.

### • Mga isasamang dokumento

- Kopya\* ng Student ID (kung sa likod nakasulat ang araw ng pagkawalang bisa, taon ng pag-aaral, petsa ng pag-enrol, isama ito) o "ZAIGAKUSHOMEISHO" na sertipikasyon ng pag-aaral (ORIHINAL) \*Gumamit ng A4 na sukat ng papel.
- Kung sa kadahilanang tulad ng kawalan ng trabaho, pagkabangkarote, pagsara ng opisina, isama ang mga katibayan ("KOYOHOKEN JUKYU SHIKAKUSHA SHO" o "KOYOHOKEN HIHOKENSHA RISHOKU HYO" na Unemployment insurance qualification certificate o resignation certificate) sa aplikasyon. Bukod dito, kumunsulta sa namamahala ng Pambansang pensyon o sa tanggapan ng pensyon sa inyong munisipalidad.

### • Mga proseso kung gamit ang "My Number"

- Kung magpapasa ang aplikante sa sarili niya ng form atbp., ipakita ang My Number card (Pansariling numero). Kung sakaling hindi madala, maaring magpakita ng isa sa dalawa: (1) o (2).  
Kung ipapasa sa pamamagitan ng koreo, isama ang kopya ng harap at likod ng My Number card, o (1) o (2).  
(1) Dokumentong makukumpirma ang My Number: Kopya ng JUMIN HYO (Katibayan ng tirahan), o TSUCHI KADO na Tarheta ng notipikasyon (kailangang parehas ang pangalan at tirahan)

(2) Ang iyong driver's license, pasaporte, resident card, o iba pang katumbas na dokumento, upang mapatunayan na ikaw ang may-ari ng numero.(Para sa mga detalye, mangyaring magtanong sa JPS Branch Office.)

## PAGPAPASAHAN NG APPLICATION FORM

- Ang pagpapasahan ng application form ay sa namamahala ng Pambansang pensyon o tanggapan ng pensyon sa inyong munisipalidad (maari din magpasa gamit ang koreo).
- Maari rin magpasa sa "GAKUSEI NOFU TOKUREI JIMU HOJIN" (sa nag-aaral sa tinalagang mga paaralan).
- Ang ikatlong pahina ay kopya ng aplikante, itago at ingatan ito.

Tingnan ang susunod na pahina para punan ang application form.

**Halimbawa ng isusulat**

**Ito ay halimbawa ng pagsulat ng application form para sa Pagliban pang-estudyante ng Pambansang pension. Kung ikaw ay magpapasa ng aplikasyon, sundan ang mga nakasulat sa pulang letra. (Letrang Hapones o Ingles (alpabeto) ang gamitin sa pagsulat. Para sa numero, gamitin ang numerong Arabo (0,1,2,3...)). Maaring may pagkakataon na kakailanganin mag-sulat sa letrang Hapones, kung hindi maintindihan ang naisulat.**

Ito ang bahagi na nagsasabi ng iyong intensyon sa pag-aplay ng Pagliban pang-estudyante. At, walang mali sa idedeklarang kita sa nakaraang taon, at sa pagsang-ayon sa Japan Pension Service sa pagkumpirma ng mga impormasyon (tulad ng kinita atbp.).

Ilagay ang iyong 12 digit na "My Number" (iyong Indibidwal na Numero sa Japan) o 10 digit na Basic Pension Number sa ①. (Para sa Basic Pension Number, mangyaring ilagay ang numerong nakahanay sa kaliwa.)

Ilagay ang iyong pangalan sa ③.

Ilagay ang taon kung saan mo gustong ibigay ang espesyal na sistema ng pagbabayad (pagpapaliban ng pagbabayad) sa ⑤. Ang isang taon ng aplikasyon ay sumasaklaw mula Abril hanggang Marso. Halimbawa, kung mag-aplay ka para sa taong 2026, ilagay ang 2026. 4. at 2027. 3.

Maaari kang mag-aplay para sa nakaraang panahon nang retroaktibo hanggang sa 25 buwan mula sa petsa ng aplikasyon, hangga't ikaw ay may edad na 20 at mas matanda at isang mag-aaral sa panahon. Gayunpaman, kung nagbayad ka na ng kontribusyon sa loob ng ilang buwan sa loob ng 25 buwan, ang binayaran na kontribusyon ay hindi ire-reimburse.

Ipasok ang taon/buwan kung kailan ka pumasok sa unibersidad o paaralan at inaasahang taon/buwan ng pagtatapos sa ⑥.

《MAHALAGA》 Pakisaad ang iyong kita ng nakaraang taon sa taon ng aplikasyon sa ⑪. Bilugan ang 1. kung walang kita, 2. kung ang kita ay ¥1,280,000 o mas kaunti, o 3. kung ang kita ay higit sa ¥1,280,000.

Tandaan: Ang kita dito ay nangangahulugan ng iyong mga kita na binawasan ng mga kinakailangang gastos sa Japan. Kung hindi ka pa naghain ng buwis o hindi mo alam, mangyaring kumunsulta sa iyong residential municipal office.

Kung lumipat ka mula/papunta sa ibang bansa sa panahon ng taon ng aplikasyon sa ⑤, ilagay ang petsa at pangalan ng bansa kung saan ka lumipat mula/patungo sa ⑬. Halimbawa, kung lumipat ka sa Japan mula sa U.S.A. noong Abril 1, 2026, mangyaring ilagay ang "Lumipat mula sa U.S.A. noong Abril 1, 2026".

Ihanda ang KOPYA (A4 na sukat) ng iyong Student ID (harap lang o harap at likod), o ORIHINAL na "ZAIGAKUSHOMEISHO" na sertipikasyon ng pag-aaral kung saan nakasulat ang panahon ng iyong pag-aaral (petsa ng pag-enrol at tinatayang petsa ng pagtatapos), taon ng pag-aaral, at araw ng pagkawalang bisa ng iyong Student ID.

**Ito ang sample form ng Pagliban ng hulog sa Pambansang Pensiyon.**

**国民年金保険料学生納付特例申請書**

日本年金機構理事長 あて 令和 2026 年 4 月 1 日

以下のとおり学生納付特例を申請します。  
また、前年所得の記入内容に誤りがないことを申し立てします。  
この申請に必要な本人に関する情報(所得情報、生活保護受給情報等)の確認に、日本年金機構に委託させていただきます。

〒 123 - 4567  
TOKYOTO, SUGINAMIKU, TAKAIDONISHI, 1-2-3

住所: TOKYO 都 区 町 村 SUGINAMIKU, XX-CHO

被保険者氏名: JOHN SMITH

基礎年金番号(10桁)で申請する場合は「①個人番号(または基礎年金番号)」欄に左詰めで記入してください。

① 個人番号(または基礎年金番号)	X X X X X X X X X X	② 生年月日	5. 昭和 7. 平成	1990 8 10
③ 氏名	(カナ) JOHN SMITH	④ 電話番号	1. 自宅 2. 携帯電話 3. 勤務先 4. その他	080 -XXXX -XXXX

申請期間 令和 2026 年 4 月から 令和 2027 年 3 月まで

在学予定期間 (入学年) 平成 2026 年 4 月から 令和 2029 年 3 月まで

⑦ 学校の名称 ABC University

⑧ 学校の所在地 TOKYO 都 区 町 村 SUGINAMIKU, XX-CHO

⑨ 学生の区分 ① 学生(学位あり) ④ 研究生 ⑤ 通信制・通信課程 ⑤ その他

⑩ 学生証の有効期限 令和 2027 年 3 月まで有効

⑪ 前年所得 ① なし ② あり(128万円以下) ③ あり(128万円超) ⇒ 16歳以上19歳未満の扶養親族【あり( )人・なし】

⑫ 特例認定区分(要証明) 1. 失業 令和 2026 年 4 月 1 日 ⇒ 雇用保険加入 あり・なし 2. 天災等 3. その他( )

⑬ 備考 Lumipat mula sa U.S.A. noong Abril 1, 2026

※ 所得に関する情報について、関係法令に基づき、申告義務がある場合には、正しく申告する必要があります。

市区町村確認欄 学生証確認済

**【留意事項】**  
○学生証のコピーをA4判で添付してください。  
○学生証裏面に有効期限、学年、入学年月日の記載がある場合は裏面のコピーも必要です。  
○在学証明書を添付される場合は、学生証のコピーは必要ありません。

Ilagay ang petsa (yyyy/mm/dd) ng aplikasyon, ang iyong address sa petsa ng aplikasyon, ang iyong pangalan sa mga alpabetong Ingles tulad ng ipinapakita sa iyong pasaporte.

Ilagay ang iyong petsa ng kapanganakan (yyyy/mm/dd) sa ②.

Ilagay ang iyong numero ng telepono sa ④. Bilugan ang naaangkop na uri ng telepono; 1. para sa telepono sa bahay, 2. para sa mobile, 3. para sa telepono sa lugar ng trabaho, 4. para sa iba pang mga telepono.

Ilagay ang pangalan ng iyong unibersidad o paaralan sa ⑦.

Ilagay ang address ng iyong unibersidad o paaralan, kabilang ang prefecture, lungsod at bayan sa ⑧.

Bilugan ang naaangkop na kategorya ng mga mag-aaral sa ⑨;  
1. para sa mag-aaral (degree na ipagkakaloob sa pagtatapos),  
2. para sa kursong pagsusulat, 3. para sa kredito na auditor na "KAMOKU RISHUSEI", 4. para sa iskolar ng pananaliksik,  
5. para sa iba.

Ilagay ang taon/buwan ng petsa ng pag-expire ng iyong student ID card sa ⑩, kung available.

Kung nag-aplay ka para sa espesyal na sistema ng pagbabayad dahil nawalan ka ng trabaho, hal., nagbitiw sa isang kumpanya, mangyaring ilagay ang petsa (yyyy/mm/dd) ng susunod na araw ng pagbitiw sa ⑫.

Kung sakop ka ng seguro sa trabaho bago magbitiw, bilugan ang "あり" (oo) na ipinapakita sa kanang bahagi ng arrow mark ⇒ at magsumite ng dokumento ng ebidensya upang patunayan ang saklaw ng insurance. Kung hindi sakop, bilugan lang ang "なし" (hindi). (Tingnan ang pahina 1 para sa mga partikular na dokumento)